# ILAW NG PAG-ASA

## Kalendaryo ng Panalangin

2026년 6월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa Pamilya**

Ang Pamilya ang ating unang tahanan kung saan nagsisimula ang buhay at ang pag-ibig ay natututunan, nagsisilbing tanggulan sa oras ng bagyo. Ang malusog na ugnayang pampamilya ay malinaw, tapat at banayad. Ito ay mahalaga upang masabi ang niloloob at ang iba naman ay makaunawa, ibahagi ng matapat ang dahilan ng ating mga sakit na pinagdadaanan, at hindi nawawalan ng paggalang gaano man tayo kalapit sa isa't isa. Higit sa lahat, ang pakikinig ay mahalaga. Ito man ay nangangailangan ng pasensya, ang pakikinig ang pinakamataas na kapahayagan ng pag-ibig na kumikilala sa halaga ng isang tao.

"Kaaya-ayang salita ay parang pulot-pukyutan, matamis sa panlasa, pampalusog ng katawan." (Prov. 16:24). Nawa ay pagkalooban tayo ng Panginoon ng karunungan upang laging maibahagi ang salita ng kabutihan, kahinahunan, pagpapalakas ng loob at pagmamahal sa ating mga pamilya.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니

**1**. Panginoon, hipuin Mo ang puso ng mga abalang ama sa Indonesia, upang makapagbigay sila ng maraming oras sa kanilang mga anak, mapangunahan sila nang may pagmamahal at pag-aalala. Pagkalooban Mo sila ng karunungan upang mabalanse nila ang trabaho at pamilya. (Ps. 103:13)

2. Magpakahayag Ka, Ama, sa 1.2 milyong solong ina sa Japan upang matagpuan nila ang kahulugan at pag-asa habang binabalanse nila ang trabaho at pag-aalaga sa kanilang mga anak sa gitna ng kalungkutan at mga kagipitan. (Deut. 10:17-19)

3. Panginoon, magpadala Ka nawa ng mga mapagmahal na tagapag-alaga sa mga bata sa Papua New Guinea na nawalan ng magulang dahil sa HIV/AIDS. Palibutan Mo sila ng Iyong pag-ibig, kaaliwan at pag-iingat. (Isa. 41:10)

4. Palakasin Mo ang mga pamilya sa Paraguay, Diyos, upang maitatag ang pundasyon ng kanilang tahanan sa pamamagitan ng prinsipyo mula sa Biblia, sa halip na sa kasalukuyang mga isipan na pabago-bago sa paglipas ng panahon. (Josh. 24:15)

5. Ama, pangunahan Mo ang mga kababaihang Portuguese upang matagpuan nila ang kanilang halaga at kapahingahan sa Iyo. Pagkalooban Mo sila ng karunungan upang maayos nilang magamit ang kanilang oras, kapayapaan sa paggawa ng mga mahihirap na desisyon at tulungan Mo silang magtiwala sa Iyong matapat na pagkakaloob ng lahat ng kanilang mga pangangailangan. (Ps. 23:1)

6. Ang Romania ay nahaharap sa nakakabahalang pagtaas ng bilang ng mga kababaihan na napapatay ng kanilang mga kasama sa buhay. Panginoon, ingatan Mo ang mga mahihinang kababaihan at gabayan Mo ang mga autoridad sa paggagawa ng mga epektibong solusyon para matigil ang nakakabahalang karahasang ito. (Ps. 82:3)

7. Diyos, may mga ama sa lalawigan ng South Africa's Eastern Cape ang hindi nag-aabandona ng kanilang pamilya sa halip ay nagbibigay ng malasakit at pinangungunahan ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng mabuting halimbawa. (Eph. 6:4)

8. Mahabaging Panginoon, sa 40% ng nakatatanda sa South Korea na dumadanas ng kahirapan, bigyan Mo ng kakayahan ang mga pinuno upang makagawa ng epektibong pangangalaga na magdadala ng tunay na solusyon at suporta sa kanila na nakakaramdam ng kawalang pag-asa at depresyon. (Lev. 19:32)

9. Ama, palakasin Mo at bigyan ng kaaliwan ang mga nakakatanda sa Timor-Leste na may pakiramdam na nanghihina, nag-iisa at nakalimutan. Tulungan Mo ang mga pamilya at komunidad na igalang, mahalin at maalagaan sila ng mabuti. (Isa. 4:26)

10. Nawa ang mga solong ina sa Uruguay ay makatagpo ng pagkakakilanlan, karunungan, probisyon at proteksyon mula sa Iyo, Panginoon. Palakasin Mo sila upang mapalaki nila ang kanilang mga anak sa isang maayos na kapaligiran. (Ps. 121:7)

11. Diyos, palakasin Mo ang pagmamahalan ng mga mag-asawa sa Vietnam na nakikikipaglaban para mapanatili ang kaayusan ng kanilang relasyon. Magdala Ka nawa ang kagalingan, pagkakaunawaaan at pagpapatawad sa isa't isa. (Col. 3:13-14)

**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

12. Panginoon, palakasin Mo ang mga solong ina sa Albania sa kanilang pag-aalaga sa kanilang mga anak kasabay ng maraming trabaho upang makaya nilang bayaran ang upa sa bahay, pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan. (Ps. 132:15)

13. Magtindig Ka nawa ng mga matalinong pinuno sa Bonaire na makakapagturo sa mga kabataan kung paano lumakad nang may tapang sa pananampalataya at talunin ang takot, intimidasyon, at kawalang-seguridad. (2 Tim. 1:7)

14. Oh Diyos, putulin Mo nawa ang pang-aalipin ng social media sa mga magulang at mga anak sa Botswana na nagiging dahilan upang sila ay maging malayo sa isa't isa. Magtatag Ka ng matibay na komunikasyon at relasyon sa kanila. (1 Thess. 5:11)

15. Panginoon, nawa ay pahalagahan ng mga kalalakihan at kababaihang mag-asawa sa Cambodia ang pagiging tapat sa isa't isa at pagtuon sa mga pangangailangan ng kanilang mga pamilya, pagbibigay ng magandang halimbawa ng katapatan sa kanilang mga anak. (Matt. 19:5-6)

16. Iligtas Mo ang mga pamilya sa China, mahabaging Ama, sa gitna ng pagbaba ng bilang ng mga nagpapakasal, pagtaas ng bilang ng paghihiwalay, matagal na pagkakaroon ng anak, hirap ng trabaho at pagtataksil. Nawa ay bumaling sila sa Iyo para sa kagalingan. (1 Cor. 13:7)

17. Bigyan Mo ng kaaliwan ang mga bata sa Denmark, Panginoon, na ang mga puso ay nawasak dahil ang kanilang mga magulang ay may malaking hidwaan. Ilapit Mo sila sa Iyong mapagmahal, makapangyarihang mga bisig. (Ps. 50:15)

18. Nawa ay akuin ng mga kababaihan sa Dominican Republic ang kanilang responsibilidad sa pagpapalaki sa kanilang mga anak ayon sa saway at aral ng Panginoon, na binibigyan sila ng atensyon at espeyal na pagkalinga na kailangan nila. (Eph. 4:2)

19. Gawin Mo nawa na ang mga kabataan sa Eswatini ay mamuhay na may layunin at kadalisayan, Ama. Nawa ang mga paaralan at mga ministeryo para sa mga kabataan ay maging lugar ng pag-asa at pagbabago. (1 Tim. 4:12)

20. Ang populasyon sa Finnish ay tumatanda na, sa kabila nito, nawa ay magkaroon pa rin sila ng dignidad. Diyos, pagkalooban Mo ng lakas ang kanilang mga kamaganak at lahat ng mga nag-aalaga sa mga nakakatandang ito. (Isa. 46:4)

21. Buhayin Mong muli ang iyong mga anak sa France, Panginoon, upang mamuhay sila na may malapit na relasyon sa Iyo!Halos 2 sa tatlong bahagi ng mga mamamayan ay tinatawag ang sarili nila na Kristiano ngunit hindi naman nagbabasa ng Biblia o nagpupunta sa simbahan. (Matt. 28:19-20)

22. Diyos, mabilis ang pagtaas ng bilang ng mga nag-iisa sa buhay na mga matatanda sa Japan, nawa ay maabot sila ng mga simbahan at makapag-alok sa mga kaluluwang ito ng buhay na walang hanggan at layunin kay Kristo. (John 4:13-14)

23. Ama, ang mga kababaihang portuguese ay nahaharap sa kalungkutan, turuan Mo kaming makapagbahagi ng walang takot, makinig nang walang paghatol at makapagtatag ng relasyon na nakakapagpagaling sa halip na nakakasakit. (Gal. 6:2)

24. Sa mahirap na kalagayan ng ekonomiya sa taong ito para sa Romania, dalangin namin, oh Diyos, na pagkalooban Mo ang mga kababaihan ng karunungan upang malaman kung paano mapangangalagaan ang kanilang mga kabuhayan. (Prov. 2:6)

25. Bigyan Mo ng kakayahan ang mga kababaihan sa South Africa na nagdurusa dahil sa masalimuot at abusadong pagsasama at relasyon upang makita nila ang kanilang halaga sa Iyo, Panginoon. Magdala Ka ng kagalingan at kalayaan sa kanila. (Ps. 46:1)

26. Banal na Diyos, patuloy ang pagtaas ng bilang ng diborsyo sa Albania, dalangin namin nan awa ay maging matapat sa isa't isa ang bawat mag-asawa at tratuhin ang bawat isa nang may dignidad at paggalang. (Heb. 13:4)

27. Pagkalooban Mo ng karunungan ang mga kababaihan sa Bonaire, Panginoon, upang makapagtakda ng malusog at maka-Diyos na hangganan sa relasyon. (Prov. 4:23)

28. Ama, palakasin Mo ang mga Kristianong pamilya sa Denmark upang Ikaw ang maging una sa lahat sa kanilang buhay at hayaan ang Iyong Salita ang kanilang maging gabay. (Phil. 3:20)

29. Diyos, palakasin Mo ang mga pamilya sa Eswatini sa pamamagitan ng pag-ibig, pananalig at pagkakaisa, upang magbigay ng kakayahan sa mga magulang na mapalaki ang kanilang mga anak sa pananampalataya at kapayapaan. (1 Cor. 13:4-7)

30. Pagalingin Mo ang mga pamilya sa France, Panginoon, kung saan 1 sa tatlong bahagi ng mga bata ay hindi na nakatira sa kanilang parehong mga magulang. Sa halip, sila ay nakatira sa isang magulang lamang o may kasama na ibang tao sa kanilang bahay. (Eph. 4:31-32)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**